



Welcome to Imagine Reading!

Mahal naming Magulang o Tagapag-alaga,

Maligayang Pagdating! Naipatala na ang inyong estudyante sa Imagine Reading para sa bagong taon ng eskwela! Imagine Reading ang ay isang programa sa karunungan bumasa at sumulat na nakabatay sa pananaliksik na nagtuturo sa pag-uunawa ng binabasa, malalim na pag-iisip, at berbal na komunikasyon. Para malaman ang higit pa tungkol sa Imagine Reading, bisitahin ang www.imaginelearning.com/literacy/reading.

Ang Karanasan ng Inyong Estudyante sa Imagine Reading

Imagine Reading ay nagmumula sa pinagsamang mga aktibidad sa pag-aaral online at sa loob ng silid-aralan para bumuo ng isang epektibo at nakahihikayat na karanasan para sa mga estudyante. Imagine Reading ang ay hinati-hati sa mga yunit na nakabatay sa isang sentral na paksa o tema. Kabilang sa bawat yunit ang maraming video, pagpipiliang basahin, at oportunidad para sa talakayan sa klase. Sisimulan ng mga estudyante ang bawat yunit sa pamamagitan ng panonood ng isang maikling video na nagpapakilala sa sentral na paksa. Sa patnubay ng kanilang guro, ang mga estudyante ay makikilahok pagkatapos sa mga talakayan sa klase at magbabasa ng mga pagpipiliang nakahihikayat sa pagbuo ng mahusay na kasanayan sa pagbabasa at pagsusulat, pag-unlad ng pang-akademikong wika, at pagtuklas ng mga konsepto na ayon sa antas ng pag-aaral.

Imagine Reading kabilang sa ang mga pagpipiliang basahin na fiction at nonfiction na sumasaklaw sa malawak na hanay ng mga nakakapukaw ng interes na mga paksa, tulad ng agham, sining, teknolohiya, kalikasan, klasikong literatura, at mga katutubong kuwento. Habang sumusulong ang mga estudyante sa mga pagpipiliang basahin at mga panggrupong aktibidad sa bawat yunit, bumubuo sila ng mas malawak na pananaw sa sentral na paksa. Sa katapusan ng bawat yunit, magtutulungan ang mga estudyante sa isang malikhaing proyektong panggrupo na nakabatay sa sentral na paksa.

Habang ginagamit ng inyong estudyante ang Imagine Reading, humuhusay ang kanilang mga kakayahan sa pagbabasa, pagsasalita, at pagsusulat, at magiging mas handa sila para sa kolehiyo at sa kanilang karera.

Pagsuporta sa Pagsulong ng Inyong Estudyante

Maaari ninyong matulongang magtagumpay ang inyong estudyante sa pamamagitan ng pakikilahok sa kanilang Imagine Reading na karanasan. Sundan ang mga rekomendasyong ito para masulit Imagine Reading ang taon ng eskwelang ito:

- **Manatiling nakikilahok sa Imagine Reading na karanasan ng inyong estudyante.** Tanungin ang inyong estudyante kung anong mga paksa ang binabasa nila at ang kanilang mga ideya at tanong tungkol sa mga pagpipiliang basahin. Habang kinakausap kayo ng inyong estudyante sa bahay (sa Ingles o iba pang wika) tungkol sa pinag-aaralan nila, napapagtibay nito ang mga konsepto at kakayahan na natututunan nila sa paaralan.
- **Suriin ang progreso ng inyong estudyante kasama ng kanilang guro.** Talakayin ang progreso, pakikilahok, at mga marka ng inyong estudyante pati na rin anumang mga larangan ng kakayahan kung saan sila ay mahusay o kailangan ng higit pang suporta.

